# YUNIT III

## Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa

**Aralin 1**

**Layunin:** Nakapagpapakita ng mga kanais-nais ba kaugaliang Pilipino
• Tumulong/lumalahok sa kabayanihan at palusong **(EsP5PPP - IIIa - 23)**

**Paksa/ Pagpapahalaga:** Pagkakaroon ng Disiplina

**Mga Kagamitan:** puzzle, activity card, kwaderno, tsart

**Integrasyon:** Araling Panlipunan

**Pamamaraan:**

**Alamin Natin (Day 1)**

1. Ipabasa at ipaunawa ang tula na nasa kagamitan ng mag- aaral
2. Ipasagot ang sumusunod:
    1. Mahalaga ba ang pagtutulungan sa ating sambayanan?
    2. Ano ang damdamin ng taong nakatutulong sa kapwa niya?
    3. Dapat bang ipagdamot ang iyong tulong?
    4. Ang mga Pilipino ba ay likas na matulungin?
    5. Ikaw ba ay matulungin din? Sa paanong paraan?

**Isagawa (Day 2)**

1. Ipagawa ang Gawain 1
2. Matapos gawin ng mga mag-aaral ang Gawain 1, iproseso ang kanilang mga sagot.
3. Muling Itanong sa kanila kung anong, pagpapahalaga ang kanilang naipakita sa paraan ng pagtulong o bayanihan.

4. Matapos ang Gawain ay pangkatin sa tatlong pangkat ang mga mag-aaral para sa Gawain 2, upang maproseso ang kanilang sagot. Gabayan sila sa pagbubuod ng mga sagot.
5. Sa pangkatang Gawain magkaroon ng mga disiplina ang bawat grupo.

**Isapuso Natin (Day 3)**

1. Itanong sa mga mag-aaral kung ano ang dapat gawin sasitwasyon. Bigyang pansin ng guro ang mga kasagutan ng bawat mag-aaral.
2. Ipabasa ang impormasyon na nasa Tandaan Natin. Tulungan ang mga mag-aaral na maintindihan at maisapuso ang kahalagahan ng bayanihan o pagtutulungan.

**Isabubay Natin (Day 4)**

1. Patnubayan ang klase sa pagsakot ng katanungan.
2. Pag-usapan ang kanilang kasagutan.
3. Matapos pag-usapan, talakayin ang kanilang mga sagot.

**Subukin Natin (Day 5)**

Isulat ang tama o mali.

1. Tumutulong lamang kung may kapalit na kabayaran.
2. Tumulong nang kusang-loob.
3. Isapuso lagi ang pakikipagtulingan sa kapwa
4. May kagantihang pagpipintay para sa taong matulungin.’
5. Tumulong lang minsan at huwag nang sundan.

Batiin ang mga mag – aaral pagkatapos ng aralin at ihanda sa susunod na leksiyon. Maaaring magbigay ang guro ng takdang – aralin kung kinakailangan.